# Isang Plano para sa Pangangalaga at Pagkakataon




## Ginagawang Mas Competitive ang Ontario at Lumilikha ng Mahuhusay na Trabaho

Mabilis na nagbabago ang ekonomiya ng Ontario. Dahil pinalalawak ng mga pagbabagong ito ang mga gap sa ating lipunan, ang pamahalaan ay gumawa ng plano upang magtatag ng mas pantay at mas mahusay na Ontario, sa pamamagitan ng pagbigay sa lahat ng tao sa probinsiya ng oportunidad na kanilang kinakailangan upang umunlad sila.



### Mga Mahuhusay na Trabaho at Growth Plan

$935 milyong bagong funding sa loob ng tatlong-taong panahon upang suportahan ang mga negosyo, mag-invest sa mga estudyante at mga graduate, at tumulong na makaakit ng mga mahuhusay na trabahong may mahuhusay na suweldo.



### Libreng Tuition

Ginawang libre ang tuition para sa kolehiyo at unibersidad para sa mahigit sa 225,000 estudyante, anuman ang kanilang edad. Ang libre o mababang tuition ay available para sa mga estudyante mula sa mga low at middle-income na pamilya.



### Sinusuportahan ang mga Negosyo sa Norte

Naglalaan ng karagdagang $85 milyon sa darating na tatlong taon upang suportahan ang paggawa ng trabaho at innovation sa norte.

## Paano tayo lumilikha ng karagdagang oportunidad para sa mga tao

Sa Ontario,

- ginawang libre ang tuition para sa kolehiyo at unibersidad para sa mahigit sa 225,000 estudyante, anuman ang kanilang edad. Ang libre o mababang tuition ay available para sa mga estudyante mula sa mga low at middle-income na pamilya; ang tuition ay libre para sa mga estudyante mula sa mga pamilyang kumikita nang hanggang $90,000, at ang mga estudyanteng nagmumula sa mga pamilyang kumikita nang hanggang $175,000 ay eligible ding makatanggap ng financial aid.

- ihahanda ang mga estudyante para sa mga mahuhusay na trabaho sa pamamagitan ng paglaan ng $132 milyon sa loob ng tatlong-panahong panahon upang magdibelop ng postsecondary education programs na tumutugon sa mga nagbabagong pangangailangan ng mga estudyante at mga tagapag-empleyo.
- isasapanahon ang apprenticeship program ng Ontario sa pamamagitan ng investment na nagkakahalaga ng $170 milyon sa loob ng tatlong-taong panahon upang magbigay ng mga karagdagang pagkakataon sa mga estudyante na matuto ng trades.
- maglalaan ng hands-on learning para sa mga estudyante at mga kamakailan lamang nag-graduate na mga estudyante sa pamamagitan ng karagdagang $12 milyong investment sa Career Ready Fund.
- ibinigay ang matagal nang hinihintay na pagtaas ng suweldo para sa 1.2 milyong katao sa buong Ontario sa pamamagitan ng pagtaas sa minimum wage; ito'y itinaas at naging $14 bawat oras noong Enero 1, 2018 at gagawing $15 bawat oras sa Enero 1, 2019.
- tutulungan ang skilled newcomers na humanap ng trabaho sa pamamagitan ng pag-invest ng karagdagang $45.6 milyon sa Ontario Bridge Training Program sa loob ng tatlong-taong panahon.

## Paano natin pinahuhusay ang pagiging competitive ng negosyo

Sa Ontario,

- babawasan nang 22 porsiyento ang small business Corporate Income Tax rate upang tulungan ang mga kompanya na manatiling competitive.
- magmumungkahing palawakin ang research & development tax credits upang hikayatin ang mga negosyo na mag-invest, nang sa gayon ay mabigyan ng sigla ang innovation sa ekonomiya ng Ontario.
- ginagawang mas pantay para sa lahat ang mga lugar ng trabaho sa pamamagitan ng pagtugon sa gender wage gap at pagdagdag ng transparency sa mga proseso ng paghire; magmumungkahi ng batas na mag-uutos na dapat may pay rate o salary scale ang lahat ng mga trabahong nakapaskil para sa publiko.
- tutulungan ang mga kompanya na manatiling competitive at magbibigay sa lahat ng mga rehiyon ng oportunidad na umakit ng makabuluhang private sector investments sa pamamagitan ng pag-invest ng karagdagang $500 milyon sa darating na 10 taon sa New Economy Fund ng probinsiya.
- tinutulungan ang mga manggagawa at mga negosyo sa Ontario sa pamamagitan ng pagtaguyod sa international trade, pagkuha ng negosyo para sa Ontario sa mga mahahalagang export market, at paghanap ng mga bagong economic at business partnership sa buong mundo.
- susuportahan ang regional economic development sa pamamagitan ng pag-invest ng karagdagang $200 milyon sa darating na 10 taon upang lumikha at magpanatili ng

humigit-kumulang sa 38,000 trabaho at umakit ng mahigit sa $1.6 bilyong local investments.

- pinagpapatuloy ang pag-invest ng $120 milyon bawat taon upang bawasan ang gastos sa koryente para sa malalaking industrial facilities sa norte.
- pinagpapatuloy ang pagtaguyod sa kapantayan, oportunidad, at inclusive growth sa pamamagitan ng pag-invest ng $85 milyon sa darating na tatlong taon, paaabutin nang $150 milyon sa 2021 ang funding para sa Northern Ontario Heritage Fund Corporation, at magsisimula ng mga bagong programa.

## Paano tayo namumuhunan sa infrastructure

Sa Ontario,

- magtatatag ng moderno at mabisang infrastructure sa pamamagitan ng pag-invest ng humigit-kumulang sa $230 bilyon sa loob ng 14-taong panahon, simula sa 2014–15, para sa mga proyektong may priyoridad, tulad ng mga ospital, mga eskwelahan, transit, mga tulay, at mga daan.
- patuloy na pahuhusayin ang transit sa buong Greater Toronto and Hamilton Area (GTHA) sa pamamagitan ng pagsagawa ng GO Regional Express Rail — isang $21.3-bilyong investment upang gawing regional rapid transit system ang system. Ang 1,500 mga biyahe bawat linggo sa kasalukuyan sa buong GO rail network ay dadami at magiging halos 6,000 pagdating ng 2025, at magkakaroon ng two-way, all-day, at 15-minute service para sa mga commuter at para sa mga pamilya sa buong rehiyon.
- dinaragdagan ang GO train service nang higit sa 70 porsiyento; ang buong GO network ay dinagdagan ng humigit-kumulang sa 800 karagdagang train trips bawat linggo simula noong 2013.
- namumuhunan sa major rapid transit projects sa buong GTHA upang magbigay ng mabilis, mahusay, at mapagkakatiwalaang transit, kabilang ang: Eglinton Crosstown LRT project na may 25 stations, na kokonekta sa 54 bus routes, tatlong subway stations, tatlong GO Transit lines at sa UP Express; kokonektahin ng Finch West LRT ang Humber College sa bagong Finch West TTC subway station; at kokonektahin ng Hurontario LRT ang GO Transit at Mississauga at Brampton transit systems; ang serbisyo ay inaasahang magsimula sa 2022.
- babawasan ang congestion at mag-aalok ng karagdagang opsiyon sa pagbiyahe ng mga commuter at mga pamilya sa pamamagitan ng $79 bilyong investment sa pampublikong transit sa darating na 10 taon; kasama rito ang pagsuporta sa Ottawa LRT, Waterloo ION rapid transit project, at London Bus Rapid Transit System.

- nagsasagawa ng initiatives upang suportahan ang isang transformational regional fare integration strategy para sa GTHA, kabilang ang pagsimula ng isang fare discount para sa mga gumagamit ng PRESTO card na lumilipat mula GO Transit patungo sa UP Express at TTC, o lumilipat mula UP Express at TTC patungo sa GO Transit.
- palalawakin ang broadband internet connectivity sa rural at northern communities sa pamamagitan ng karagdagang investment na nagkakahalaga ng $500 milyon sa loob ng tatlong-taong panahon.